# Pahina ng Impormasyon tungkol sa Mga Estudyanteng May-kapansanan ng 2019 (SWD) para sa mga Paaralan, Magulang, Tagapag-alaga at Tagapagtanggol

## Ang Programa ng CECV tungkol sa Students with Disabilities (SWD)

Ang programa ng Catholic Education Commission of Victoria Ltd (CECV) na Students with Disabilities (SWD) ay naghahangad na mapahusay ang kalalabasan ng mga estudyanteng nadidisbentahe sa pag-aaral, lalo na sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang. Bawat taon, ang mga paaralan ay maaaring magsumite ng mga aplikasyon para sa SWD sa Round 1 (Oktobre) or Round 2 (Pebrero). Ang pagkakarapat-dapat sa program ay dedesisyonan ng CECV SWD Committee.

May pitong kategorya ng may-kapansanan: may-kapansanan sa katawan, matagalang sakit, malalang kahirapan sa pagwika (kasama ang malalang kahirapan sa pagsasalita (dyspraxia), may-kapansanan sa pag-iisip (kasama ang naantalang paglaki ng utak), problema sa pagkikinig, problema sa pagkita at problema sa emosyon o pakikitungo sa iba (kasama ang autism spectrum disorder). Bawat kategorya ng kapansanan ay may kriterya at pangangailangan ng pag-uulat na dapat magawa.

## Ano ang Pare-pareho sa Buong Bansang Pangangalap ng Datus?

Ang mga paaralan ay kinakailangang mangumpleto ng *Nationally Consistent Collection of Data on School Students with Disability (NCCD)* (Pare-pareho sa Buong Bansang Pangangalap ng Datus) sa bawat taon. Ito ay ang pagbibilang kung ilan sa mga estudyante ang tumatanggap ng dagdag na tulong sa paaralan dahil sa kanilang kapansanan. Ang NCCD ay tumutulong sa pamahalaan na magplano para sa pangangailangan ng mga estudyanteng may-kapansanan.

## Sino ang Ibinibilang sa Pangangalap ng Datus?

Bago isasali ang isang estudyante sa NCCD, ang mga paaralan ay dapat isasa-isip ang ilang mga mahahalagang tanong:

1. Ang estudyante ba ay nakakakuha ng tulong sa paaralan para sila magkakaroon ng edukasyon katulad sa ibang mga estudyante?
2. Ang tulong ba ay ibinibigay dahil siya ay may-kapansanan?  Ang katagang 'may-kapansanan' ay hango sa *Disability Discrimination Act 1992* (DDA) at maaaring kasama ang maraming estudyante.
3. Kinausap ba kayo o ang inyong anak ng mga kawani ng paaralan tungkol sa mga tulong na ibinibigay nila sa inyo?
4. May nakatagong ulat ba ang paaralan tungkol sa mga tulong na ibinibigay nila, ang pangangailangan ng estudyante at ang mga dahilan kung bakit kinakailangan ng estudyante ito?  Ang paaralan ay kailangang magtago ng kopya ng mga pagsusulit, trabaho ng estudyante, pagtatasa, ulat sa mga mitings, ulat sa medikal o iba pang  mga dokumento at impormasyon tungkol sa pag-unlad ng pag-aaral ng estudyante.

Kapag nagdesisyon ang paaralan na isasali ang estudyante sa NCCD, sila ay pipili ng isang grupo ng mga may-kapansanan at isa sa apat na lebel na tulong na ibibigay sa estudyante.

May apat nakategorya ng kapansanan: sa katawan, sa pag-iisip, sa pagdamdam at sa emosyon o pakikitungo sa iba. May apat na lebel ng paraan sa pagbabago: ang "quality differentiated teaching practice" (QDTP), pandagdag, bastante at mga malaking pagbabago.

## Mga Pagbabago sa Pagpopondo

Kapwang pamahalaan ng Pederal at Estado ay nagsabi na ang NCCD ay gagamitin upang mapagsabihan ang pagpopondo. Mula sa 2019, ang mga paaralanay makakatanggap ng pagpopondo base sa bilang ng mga estudyante sa NCCD at sa mga lebel ng karagdagan, bastante at lubos na pagbabago. **Kaya ang Programang CECV SWD ay mapupunta sa programang NCCD sa taong 2019.**

## Ano ang kahulugan nito sa mga estudyanteng kasalukuyang nasa Programang CECV SWD?

### *Kwalipikasyon sa NCCD*

Mga dokumentasyon mula sa mga espesyalista (halimbawa: doktor sa bata, doktor sa pagsasalita, sikolohista at doktor ng pamilya (GP)) na ginamit para sa programang CECV SWD ay maaaring magamit bilang mga ebidensya para sa NCCD. Ang NCCD ay kasalukuyang hindi nangangailangan ng anumang natatanging dokumento  **currently** have specific documentation requirements (hal: mula sa mga espesyalists o petsa). Kung mayroon ang mga impormasyon at payo mula sa mga espesyalista kasama ang mga mula sa paaralan ay patuloy na nagbibigay ng mayamang impormasyon para sa pagpoprogramang pang –edukasyonal (mga pagbabago).

Ang ebidensay ng pagtulong ay maaaring makita sa mga dokumentong katulad ng "work plans" ng mga guro, "monitoring sheets", "specialist support timetables", "Program Support Group (PSG) minutes" at "Personalised Learning Plans (PLPs)". Malaking posibilidad na ang mga estudyanteng nasa programang CECV SWD ay magpapatuloy na nasa NCCD ng paaralan.

### *Ang Pagrerepaso sa mga Pagtatasa*

Ang NCCD ay **walang** isang natatanging dokumento na kinakailangan **sa kasalukuyan**. Kung saan ang mga estudyante ay mangangailangan ng bagong pagrerepaso sa mga pagtatasa  para sa programa ng CECV SWD, hindi na ito kinakailangan sa NCCD. Kung mayroon, ang mga impormasyon at payo mula sa mga espesyalista kasama ang mga base sa paaralang mga ebidensya ay patuloy na nagbibibigay ng mga mayamang impormasyon upang makatulong sa mga pagpoprogramang pang-edukasyon (mga pagbabago).

### *Mga Pagsusumite sa NCCD*

Ang mga paaralan ay kinakailangang magsumite ng kanilang NCCD sa Agosto bawat taon at hindi makakapagpalit ng kanilang NCCD pagkatapos ng petsang nakalaan. Ang pamahalaang  Australyano ay gagamit ng mga "post enumeration processes" (census audit) upang kumuha ng isang halimbawa (random sample) sa isinumiteng NCCD ng bawat paaralan.

### *Ang Pagpapayag ng Magulang*

May mga pagbabagong ginawa sa mga batas: *Australian Education Act 2013* at *Australian Education Regulation 2013*. Hindi kinakailangan ng isang paaralan ang inyong pagpapayag upang isasali ang inying anak sa NCCD. Hindi ninyo maaaring sabihin sa isang paaralan na huwag nilang ibilang ang inyong anak.

## Saan makakakuha ng dagdag na impormasyon?

Mangyaring tawagan ang Paaralan ng inyong anak kung mayroon kayong gustong malaman tungkol sa NCCD. Maaari din ninyong puntahan ang mga sumusunod:

- CECV NCCD Information Sheet for Parents, Carers and Guardians
- NCCD national website
- *Disability Standards for Education 2005*
- Australian Government Department of Education and Training–NCCD